



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-3 ESPESYAL NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 11 HUNYO 2009, 11:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Duzado

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Cesar T. Baricos
Konsehal Jorelyn G. Solabo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Bernabe S. Muriel
Konsehal Napoleon M. Dimapilis
Konsehal Mary Jamaica Leigh Q. Sarmiento - MSKF President

Ilindi Nakadalo:

Konsehal Hernan C. Ererita
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Rufino D. Lambres - Pangulo, Liga ng mga Barangay

KAPASYAHAN BLG. 029
Taong 2009

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING KAWANI NG PAMAHALAANG DAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, G. REYNATO P. CASA.

SAPAGKAT, ang pagpanaw ng isang taong minamahal at iginagulang na ama ng tahanan ay labis na ipinagdaramdam ng kanyang mga naiwan;

SAPAGKAT, si G. Reynato P. Casa ay naging isang tapat at mabait na kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas simula Pebrero 1, 1964 hanggang sa kanyang pagreretiro noong Setyembre 22, 2003;

SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang paglilingkod bilang kawani ay nagpamalas siya ng kasipagan at pagtitiyaga sa pagtupad ng tungkulin at responsibilidad sa pamahalaang bayan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ay sumpu ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa pagyao ng isang karbigan at naging kasama sa gawain


DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong naging kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, G. Reynato P. Casa ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.


IPINASYA RIN na padalihan ng sipi ng kapasyahang ito ang asawa at mga anak ni G. Reynato P. Casa lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat : 11 Hulyo 2009

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Dayan

PINATITIBAYAN:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo